Welcome Remarks of Philippine Ambassador Leslie J. Baja
Pistang Pinoy 2023
18 June 2023

Magandang umaga sa Inyong Lahat.

Maraming salamat sa inyong pagdalo ngayon araw na ito ng pagdiriwang ng Ika-Isang Daan at Dalawampu't Limang taong anibersaryo ng Kasarinlan ng Ating Bansa.

Sa ating unti-unting tagumpay sa pagtugis ng hamon na dulot ng pandemia, taas-nuo nating ginugunita sa taong ito ang kahulugan ng pagwagaway ng bandilang Pilipino laban sa mga mananakop na banyaga sa ilalim ng temang : KALAYAAN. KINABUKASAN. KASAYSAYAN.

Tatlong salita na angkop sa ating Lahat bilang mamamayang Pilipino, at higit sa lahat sa okasyon natin ngayong umaga, bilang manggagawang Pilipino sa loob man o sa labas ng bansa.

Sa mga *Overseas Filipinos* at *Overseas Filipino workers* dito sa Morocco ang
KALAYAAN – ang nagbigay daan at nagdulot ng karapatan na manirahan at manatili dito sa Morocco, sang-ayon sa mga batas at prinsipyo na tinalaga ng mga kinauukulan, tungo sa isang
KINABUKASAN – na maayos at masagana para sa bawa't isa sa Inyo sampu ng Inyong mga mahal sa buhay, at ang lahat na ito ay mananatiling bahagi ng isang makabuluhang
KASAYSAYAN – bilang mga *Overseas Filipinos* at *Overseas Filipino Workers*, ang "makabago at tunay na bayani".

MABUHAY ANG PILIPINO! MABUHAY PILIPINAS!

Muli, maraming salamat sa inyong Lahat.